



Marumi o Malabong Tubig

Tinutugunan ng Water Quality Division (WQD) ng San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) ang mga reklamo ng konsumerista tungkol sa mga isyu sa kalidad ng inuming tubig. Madalas na nag-uulat ang mga konsumerista ng mga alalahanin sa kalidad ng inuming tubig kapag may pagbabago sa itsura ng tubig gaya ng linaw, kulay at/o pagkakaroon ng mga particle.

ANO ANG MGA KARANIWANG DAHILAN NG MARUMI O MALABONG TUBIG?

Ang mga karaniwang reklamo tungkol sa linaw ng tubig, kulay at/o pagkakaroon ng mga particle ay puwedeng iba-iba ang sanhi, na nailalarawan sa ibaba.

Malabo/Mabulang Tubig:

Kung napansin ninyo na malabo, mabula, at/o namumuti ang inyong tubig, posibleng indikasyon ito ng mga bula na nasa tubig. Para masuri ang tubig para sa mga bula, punuin ng tubig ang isang malinaw na baso at pabayaang itong tumining nang ilang minuto. Dapat mapunta ang mga bula sa ibabaw at lilinaw na ito kapag bula lang ang nasa tubig. Gayong may humalong hangin sa lahat ng tubig, ang pagbabago ng temperatura at presyon ng tubig ay puwedeng magsanhi ng pagbula.

Marumi/Malabong Tubig (Makalawang, Dilaw, Brown):

Posibleng magmukhang “marumi” na may kasamang mga particle at/o malabo ang inyong tubig dahil sa pagkakaroon ng kalawang o sediment mula sa mga materyales ng tubo sa mga sistema ng distribusyon o tubo ng tubig ng gusali. Kabilang sa mga karaniwang dahilan ang:

- Mga tagas sa mga water main o mga natamaang hydrant
- Mga sitwasyon kung saan malakas ang daloy ng tubig gaya ng mga pagpuksa sa apoy, mga pagsubok o maintenance sa sistema, o mga aktibidad sa konstruksiyon
- Sediment/kalawang sa mga water main o tubo ng tubig ng gusali

Tingnan kung tuloy-tuloy ang pagkalabo ng tubig sa pamamagitan ng pagbubukas ng gripo ng malamig na tubig na pinakamalapit sa metro ng tubig (gaya ng hose bibb o lababo) at hayaan itong nakabukas sa loob nang 3 hanggang 5 minuto para makita kung lilinaw ito. Kung hindi lilinaw ang tubig pagkalipas nang 5 minuto ng pagdaloy nito, isara ang gripo, maghintay nang isang oras at ulitin (puwedeng umabot nang ilang oras bago tumining ang mga sediment sa ilalim ng water main). Kung lilinaw ang tubig, puwede na ninyong padaluyin ang iba pang fixture ng tubo sa bahay o negosyo sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga gripo o pag-flush ng mga inodoro.

PAANO NARE-REGULATE ANG INUMING TUBIG?

Ang mga pangunahing maximum contaminant level (MCL) para sa inuming tubig ay ginawa ng U.S. Environmental Protection Agency (USEPA) at ng State Water Resources Control Board (SWRCB) para protektahan ang kalusugan ng publiko. Ang mga sekondaryang MCL, na ginawa rin ng USEPA at SWRCB, ay ginagamit ng mga pampublikong sistema ng tubig para matiyak ang estetikong kalidad ng inuming tubig gaya ng amoy, lasa, at itsura. Para malaman ang higit pa tungkol sa mga pangunahin at sekondaryang MCL at mga resulta ng pagsubaybay ng SFPUC, mangyaring sumangguni sa [SFPUC Annual Water Quality Report](#).

Para maiwasang makagamit ng malabong tubig mula sa inyong water heater/boiler, iwasang gumamit ng mainit na tubig hangga't hindi lumilinaw ang malamig na tubig. Kung hindi lilinaw ang inyong mainit na tubig, posibleng may nakapasok na marumi/malabong tubig sa inyong hot water heater o boiler. Sa ganitong sitwasyon, inirekomendang alisin ninyo ang tubig mula sa inyong hot water tank sa pamamagitan ng pagbubukas ng gripo ng mainit na tubig hanggang sa lumamig ang tubig. Kung kailangan, puwede kayong tumawag ng tubero para direktang alisan ng tubig ang water heater o boiler.



Malabong tubig mula sa gripo pagkatapos masira ang water main.

Mga Puting Particle sa Tubig:

Kung puti ang kulay ng mga particle sa tubig at lumulutang ang mga ito sa ibabaw, puwede itong indikasyon ng pagkasira ng dip tube sa hot water heater. Umaabot ang dip tube hanggang sa halos pinakailalim ng hot water heater at ginagamit ito para maglagay ng malamig na tubig. Ang mga puting particle ay posible ring indikasyon na may mga namumuong mineral deposit o scale sa mga tubo o mga fixture ng tubo at nabakbak ang mga ito.

Mga Itim na Particle sa Tubig:

Kung parang itim ang mga particle sa tubig at lumulutang ang mga ito sa ibabaw, karaniwan itong resulta ng pagkasira ng mga goma (elastomer) na bahagi ng tubo sa mga fixture ng tubo o hose sa loob ng inyong bahay o negosyo. Parang malangis ang mga particle na ito at humahawa o nagmamantsa ang mga ito sa mga gilid. Ang chloramine, na ginagamit ng SFPUCs para ma-disinfect ang tubig, ay kayang pablisin ang proseso ng pagkasira ng ilang uri ng goma. Tiyaking ang lahat ng pamalit na bahagi ng tubo ay gawa sa chloramine resistant na materyal.

Mabuhanging Tubig:

Ang mga mabuhanging tubig ay posibleng dulot ng mga particle na naipon sa paglipas ng panahon sa sistema ng distribusyon. Kung magpapatuloy ang problema, posibleng kailanganin ang pagpapadaloy ng tubig sa water main ng SFPUC.

PAANO SINUSUBAYBAYAN NG SFPUC ANG MARUMI O MALABONG TUBIG?

Regular na sinusubaybayan ng SFPUC ang mga kumukulay na metal, gaya ng iron at manganese, na posibleng natural na nasa mga pinagkukunan ng tubig. Karaniwang hindi kayang tukuyin o natutukoy ang mga metal na ito sa napakababang antas sa tubig na inihahatid ng SFPUC sa mga customer. Ang mga napakababang antas na ito ay hindi umaabot sa mga limitasyon sa pampublikong kalusugan na itinakda ng EPA at SWRCB at hindi nagdudulot ng anumang negatibong peligro sa kalusugan.

At sinusubaybayan din ng SFPUC ang turbidity na sukatan ng linaw ng tubig (mataas ang turbidity ng malabong tubig at mababa ang turbidity ng malinaw na tubig). Ginagamit ang mga sukatan ng turbidity para matiyak ang epektibong chlorination ng supply ng tubig ng Hetch Hetchy, para suriin kung gaano kaepektibo ang mga filtration at treatment plant, at para subaybayan ang kalidad ng tubig sa sistema ng distribusyon ng San Francisco. Para malaman ang tungkol sa mga resulta ng pagsubaybay ng SFPUC, mangyaring sumangguni sa [SFPUC Annual Water Quality Report](#).



Pansamantalang presensiya ng hangin sa tubig dahil sa mga pagbabago sa temperatura at presyon ng tubig (Pinagmulan: Massachusetts Water Resources Authority, 2020)

MGA RESOURCE PARA SA MGA CONSUMER: REGULASYON/KALUSUGAN

- USEPA: “National Secondary Drinking Water Regulations”
[epa.gov/sdwa/drinking-water-regulations-and-contaminants](https://www.epa.gov/sdwa/drinking-water-regulations-and-contaminants)
- SWRCB: “Contaminants in Drinking Water, Secondary MCLs”
[waterboards.ca.gov/drinking_water/certlic/drinkingwater/Chemicalcontaminants.html](https://www.waterboards.ca.gov/drinking_water/certlic/drinkingwater/Chemicalcontaminants.html)
- SFPUC: “Annual & Triennial Water Quality Reports”
<https://www.sfpuc.org/accounts-services/water-quality/annual-triennial-water-quality-reports>



Nakatuon Kami sa Kalidad: Tuloy-tuloy na sinusubaybayan ng aming mga ekspertong chemist, technician, at inspektor ang tubig na inihahatid namin—sa kabuuan ng aming sistema, araw-araw sa buong taon. Para sa mga karagdagang impormasyon at materyales, pakibisita ang [sfpuc.org/waterquality](https://www.sfpuc.org/waterquality). Para sa mga tanong tungkol sa INYONG tubig, mangyaring tumawag sa 311. Puwede rin kayong bumisita sa [sf311.org](https://www.sf311.org).